



May 1, 2020

---

# NEWSLETTER PARA SA MALAYUANG PAG-AARAL SA MGA MAGULANG, IKALIMA LABAS

ENGLISH LEARNER SUPPORT DIVISION  
KAGAWARAN NG EDUKASYON NG CALIFORNIA

---

## **Isang Liham mula sa California Department of Education (CDE)**

MGA MAGULANG,

Kada linggo ang newsletter na ito ay nakatuon sa iba't ibang tema at magbibigay ng mga inpormasyon at tulong sa mga magulang tungkol sa temang ito.

Ang tema sa linggong ito ay English Language Arts (ELA). Lahat ng mag-aaral (estudyante) ng iba't ibang grado ay makakatanggap ng instruksyon sa ELA, tulad ng pagbabasa, pagsusulat, pagbabaybay, pakikinig at pananalita.

Lahat ng mag-aaral ng Ingles ay kasali din sa ELA. Malaki at mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagtulong na mapaunlad ang kakayahan ng mga bata na matutong bumasa at sumulat. Maaari nila itong magawa sa pakikipag-usap, pagkakanta at pagbabasa kahit na ang mga ito ay sanggol pa lamang. Maaari pa rin nilang gawin, ito kahit na ang mga ito ay teenager na. Para naman sa mga pamilya na nakakapagsalita at nakapagbabasa ng ibang lengwahe maliban sa Ingles, dapat lang na ituloy pa rin nila ang pagbabasa at pagsusulat sa sarili nilang wika para maging mahusay sila sa parehong wika.

## Mga Bagong Tulong

### Colorin Colorado: Tulong sa Pagbasa para sa mga Magulang

*Tulungan nating Magbasa ang mga Bata*

Ito ay isang koleksyon ng mga tulong at may kasamang mga payo para masuportahan ang mga bata sa kanilang pagbabasa na naaayon sa kanilang edad mula sa pagiging sanggol hanggang sa kakayahang magbasa ng sarili, mga inpormasyon at pagkilos.

<https://www.colorincolorado.org/help-your-child-learn-read>.

*Paano ang Pagbabasa ng E-Book sa inyong mga Anak*

Ang artikulo na ito ay nagbibigay ng mga tulong na praktikal sa mga magulang kung paano ang pagbabasa ng mga aklat na elektronik sa mga bata. Mayroong ditong mga link para sa libreng e-books para sa elementarya.

<https://www.colorincolorado.org/article/how-read-e-book-your-child>.

### Reading Rockets: Mga Tulong sa Pagbasa at Pagsulat para sa mga Magulang

*Paunlarin ang Pagsulat at Pagbasa sa Tahanan*

Kasama sa artikulo na ito ang mga tulong na maaaring gamitin ng mga magulang para masuportahan ang kanilang mga anak sa pasusulat sa tahanan. Kasama din dito ang mga plano at mga aktibidades na maaaring gawin sa sariling tahanan na hindi nangangailangan ng kahit anong gamit.

<https://www.readingrockets.org/article/developing-writing-and-spelling-home>

*25 Na Aktibidades para sa Masayang Pagbabasa at Pasusulat*

Kasama sa artikulo na ito ang listahan ng mga maaaring gawin ayon sa gulang ng bata; pagsilang hanggang pre-school, pre-school hanggang ika-2 grado, ika-3 grado at hanggang ika-6 na grado. Marami sa mga aktibidades ang maaaring gawin sa loob at labas ng bahay at gamit lamang ang mga karaniwang bagay sa loob ng tahanan.

<https://www.readingrockets.org/article/25-activities-reading-and-writing-fun>

## Mga Tulong na Inpormasyon Kasama Linggo-Linggo

### Mga Tulong na Inpormasyon Linggo-Linggo

Mga Inpormasyon tungkol sa Pagkain sa Paaralan: CA Meals for Kids

Maaari pa ring kunin ng mga magulang ang pagkain ng mga bata sa panahon ng COVID-19 habang sarado ang paaralan. Gamitin lamang ang "CA Meals for Kids" mobile app para malaman kung saan o kaya ay kontakin ang school district para sa karagdagang inpormasyon. Ang ilang distrito ay nagbibigay ng home delivery. Kailangan lamang na Kontakin ang kanilang paaralan para malaman kung ito ay pwede.

News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

### Pagkuha ng Internet

Kung wala kayong internet sa bahay, mayroong mga kumpanya na nagbibigay ng serbisyo sa mga pamilya. kontakin lamang ang ito para mapag-usapan ang iba't ibang plano.

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

### Mga Tulong Sa Pag-aaral sa Sariling Tahanan

Mga Tulong sa Pag-aaral sa Bahay

Sa ibaba ay mga libre at rekomendadong tulong na maaaring gamitin sa inyong mga anak o maaari di namang gamitin nila sa sarili.

### Mga Tulong Para sa Elementarya

*Magkaisa para sa Karunungan ng Pagbasa at Pagsulat*

Maaaring pumili sa mga sari-saring aklat ng Ingles o Espanyol. Puwede ring mapakinggan sa iba't ibang lenguahe katulad ng Arabic, Chinese, Tagalog, at Vietnamese. Ang mga aklat ay organisado ayon sa kanilang kategorya tulad ng (halaman, hayop, pagkain, mundo, langit at iba pa), at pwede rin na fiction o non-fiction. I-klik ang icon na lapis sa kaliwang sulok sa itaas kung nais na palitan ang lenguahe.

<https://www.uniteforliteracy.com/>

### *The Fable Cottage*

Ang website na ito ay mayroong mga kuwentong pambata na nasa Ingles, Espanyol, Pranses, Italyano at Aleman, at mayroong opsyon na magbasa ng malakas. Ang mga kuwento ay may kasamang bidyo at mga larawan.

[www.thefablecottage.com](http://www.thefablecottage.com)

## **Mga Tulong sa Sekondarya**

### *Open Culture*

Ang website na ito ay may mga link para mai-download ang mga libreng audiobooks na ang karamihan ay mga klasiko sa MP3 player, phone or kompyuter.

<http://www.openculture.com/freeaudiobooks>

### *New York Times: Mahigit na 1,000 Writing Prompts para sa mga Mag-aaral*

The *New York Times* published a list of journaling prompts for teenagers by category. Categories include technology, arts and entertainment, school and career, identity and family, social life and leisure time, science and health, and civics and history. Journaling is a great way to building writing skills and confidence and with these prompts, teenagers can choose topics that interest them. Each prompt includes a short article for students to read and then questions to guide their journaling.

<https://bit.ly/NYTprompts>

### *Newsela*

Ang New York Times ay naglathala ng listahan ng mga journaling prompts sa iba't ibang kategorya para sa mga kabataan. Ang ilan sa mga kategorya ay teknolohiya, arte, libangan, paaralan, siyensya, kalusugan, sibiko, lipunan, kasaysayan. Ang prompt ay isang mahalagang hakbang para sa maayos na pagsususulat ng mga mag-aaral sa kahit anumang paksa sila ay interesado. Ang bawat prompt ay may kasamang artikulo sa mag-aaral para basahin at magtanong.

<https://newsela.com/>

## **Social Media and Email**

Upang laging maging konektado sa mga tulong at inpormasyon, mangyari lamang na sundan ang CDE English Learner, Support Division sa Twitter @MultilingualCA..

Para magsubscribe sa English Learner UPdates Listserv, ay magpadala lamang ng blankong email sa [join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov](mailto:join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov)